# CORONACION "WALING-WALING" CHIVA COMMAND
## New People's Army
## Panay Region

Mensahe ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB-Panay para sa pagdiriwang ng ika-52 Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan

Marso 29, 2021

**Ubos-kayang labanan at biguin ang terorismo ng pasistang rehimen sa Panay!**
**Mapangahas na isulong ang digmang bayan!**

Maalab na pagbati sa lahat ng Pulang kumander at mandirigma sa Panay at buong bansa na nagdiriwang ng ika-52 taon ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan!

Kasama ng mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanang nakikibaka, ipagdiwang natin ang makasaysayang araw na ito nang may masiglang pagbalik-tanaw sa mga natipong tagumpay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, at ibayong determinasyon para isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas.

Pinakamataas na pagpupugay ang ating iginagawad sa lahat ng mga rebolusyonaryong martir na nag-alay ng panahon, talino at buhay para sa demokratikong rebolusyong bayan. Ang kanilang kabayanihan ay nagsisilbing bukal ng sigla at hamon para tayo ay patuloy na magpunyagi na isulong hanggang tagumpay ang rebolusyong bayan. Pagpupugay din sa PKP na absolutong namumuno sa BHB at susing gabay sa pagkamit ng mga tagumpay at nagpapatatag ng determinasyon ng Pulang hukbo na harapin ang mga kahirapan at hamon sa pagsusulong ng digmang bayan. Sa araw ding ito ay pinararangalan natin ang 9 na magsasakang Tumadok sa Tapaz, Capiz na minasaker ng mga tropa ng PNP at AFP noong Disyembre 30, 2020. Sila ay pinaslang ng kaaway dahil sila'y lumaban sa mapaminsalang mga proyektong megadam sa Calinog at Tapaz at nanindigan para sa karapatan ng mga Tumandok. Hindi titigil ang BHB-Panay sa pagsingil sa kaaway para mabigyang hustisya ang mga biktima ng terorismo ng AFP at PNP.

Sa tama at napapanahon na pamumuno ng Partido at malawak na suporta ng masa, nanatiling matatag ang BHB-Panay sa gitna ng pinatinding atake ng pasistang rehimeng US-Duterte. Nagkamit tayo ng mga tagumpay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, pagpapalawak ng rebolusyonaryong base at pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa kanayunan.

Nitong nagdaang isang taon, mas dumami ang inilunsad na mga taktikal na opensiba (TO) ng BHB sa rehiyon. Nakapagsagawa ng kabuuang 44 opensibang aksyon; karamihan nito ay laban sa mga mersenaryong tropa ng 3IDPA at PRO-6 na naghahasik ng terorismo sa kanayunan. Sa kabilang banda, humarap ang BHB sa 8 depensibang labanan kung saan 1 Pulang mandirigma ang magiting na nagbuwis ng buhay. Sa panig ng kaaway, hindi bababa sa 29 ang nasawi at 40 ang sugatan sa mga nagyaring labanan.

Signipikanteng bilang din ang nadagdag sa kasapian ng BHB sa rehiyon sa kabila ng maruming kampanya ng paninira laban sa CPP-NPA at marahas na pananakot ng kaaway sa mga mamamayan. Karamihan ng sumapi ay kabataang magsasaka na namulat at nagpasyang lumahok sa digmang bayan para isulong ang tunay na pagbabago sa lipunan at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan laban sa lansakang pang-aapi ng rehimeng US-Duterte.

Patuloy na tinatamasa ng BHB-Panay ang malawak na suporta ng mamamayan lalo na ng mga magsasaka sa kanayunan. Pinatatag ito ng mahabang panahong kasama at katulong nila ang kanilang Hukbo sa pagsusulong ng agraryong rebolusyon, pagpapaunlad ng produksyon, pagpapatupad ng kapayapaan at kaayusan, at maging sa pagharap sa mga banta ng kasalukuyang COVID-19. Dahil sa suportang ito, malayang nakakakilos ang mga yunit ng BHB maging sa panahon ng mga matinding atake ng kaaway. Batid ng BHB na ang karamihan ng masang ipinalalabas ng TF-ELCAC na nagsurendir at diumanoy nakipagtulungan na sa kaaway, ay iyong napangibabawan lamang ng takot at pangamba sa

matinding pagbabanta at panggigipit ng mga militar at pulis. Sa katunayan marami sa kanila ang patuloy ngunit lihim na umuugnay sa BHB.

Purong kahungkagan ang ipinagmamayabang ng TF-ELCAC na mga deklarasyon ng *persona non grata* laban sa CPP-NPA at diumano'y maramihang pagsurendir ng kasapi ng NPA sa Panay. Maraming mga LGU ang napilitang pumirma sa deklarasyong gawa ng TF-ELCAC dahil sa matinding presyur mula sa AFP, PNP at DILG. Maraming sibilyan din ang napilitang magpa-"clear" ng kanilang sarili matapos ang brutal na masaker at maramihang pag-aresto ng PNP at AFP sa mga magsasakang Tumandok sa Tapaz at Calinog, Iloilo. Sa pagpapakalat ng kanilang banta sa sibilyan, naging bukangbibig ng mga mersenaryong tropa ng 3IDPA at PRO6, lalo na ng mga nagpapatupad ng RCSP na "sumunod sa utos para hindi matulad sa nagyari sa Tapaz at Calinog". Ito ay para pwersahin na magsurendir ang mga sibilyan na kanilang inaakusahang tagasuporta ng NPA.

Mula huling linggo ng Enero nitong taon, magkasabay na inatake ng mga pasistang tropa ng 12$^{th}$ IBPA, 61$^{st}$ IBPA, 31$^{st}$ DRC at mga mobile forces ng PRO-6 ang lahat ng mga larangang gerilya ng NPA-Panay. Pinakamakapal na deployment ay nasa timog na bahagi ng rehiyon kung saan umabot ng 600 tropa ang ipinakat laban sa isang larangang gerilya. Kailangan pa nilang magdagdag ng tropa ng 79$^{th}$ IBPA, 16$^{th}$ SRC at nitong huli ay 200 tropa ng PNP mobile forces para atakehin ang diumano "humihinang pwersa ng NPA na nasa 2 larangan nalang" sa rehiyon.

Kasabay ng pinatinding operasyong kombat ng kaaway ay pinalawak nila ang kampanya ng pananakot, panggigipit, surbeylans, paninira at red-tagging laban sa mga sibilyang indibidwal at grupo na kanilang inaakusahang NPA o tagasuporta nito. Lalong tumingkad ang kawalang pananagutan ng AFP at PNP sa paglabag sa mga karapatan, pagsikil ng kalayaan at pagwasak ng kabuhayan ng mga mamamayan lalo na ng mga mahihirap na magsasaka sa kanayunan. Partikular sa mga liblib na baryo ng Tapaz, Calinog at Libacao (Aklan) maraming magsasaka ang napilitang lisanin ang kanilang sakahan at manirahan sa mga baryo malapit sa haywey at bayan dahil sa banta at panggigipit ng mga tropa ng RCSP. Natigil ang kanilang pagsasaka at ngayon ay humaharap sa matinding gutom at mas malalang kahirapan.

Sa kasalukuyan umaabot sa 63 baryo sa 14 bayan at lungsod ng Panay ang may nakapakat na RCSP, kung saan di-deklaradong batas militar ang umiiral sa lugar. Gamit ang pananakot at panggigipit, kinokontrol ng militar ang galaw ng mga mamamayan pati ang kanilang kabuhayan. Ang mga halal na opisyal ng lokal na pamahalaan ay nagmistulang utusan na lamang ng mga militar at pulis sa pagpapatupad ng mga proyekto ng RCSP sa ilalim ng programang kontra-insurhensya. Maagang umalingasaw naman ang baho ng maanomalyang "barangay development program" ng TF-ELCAC na magmumudmod ng milyon-milyong pera ng bayan sa mga diumano'y nalinis sa insurhensiya na mga barangay, ngunit nabunyag na inilakip pati ang mga lugar na wala naman talagang presensya ng NPA.

Ang tumitinding terorismo ng rehimeng US-Duterte na kinakatawan ng RTF-ELCAC sa Panay ay tiyak na magpapalala pa ng karahasan at lansakang paglabag sa mga karapatan ng mga mamamayan sa rehiyon. Kasabayin nito ang mas matinding kahirapan dahil sa patuloy na banta ng COVID-19 at dagok nito sa ekonomiya, at sa kabilang banda ang kapalpakan at kapabayaan ng rehimen sa pagkontrol sa sakuna at pagtulong sa mga biktima at apektado.

Alinsunod sa panawagan ng Komite Sentral at Panrehiyong Komite ng PKP, inaatasan ng panrehiyong kumand ng BHB sa Panay ang lahat ng mga kumander at yunit sa ilalim nito na palakasin pa ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng mas marami at malakas na mga taktikal na opensiba, at pagrekluta ng mas maraming Pulang mandirigma. Lalong higit na kailangan ito ngayong nananalasa ang terorismo ng TF-ELCAC at marahas na sinisikil ang mga demokratikong karapatan ng mga mamamayan sa rehiyon. Dapat gawin ng BHB-Panay ang lahat ng makakaya para labanan ang panunupil ng 3IDPA at PRO-6, magpalitaw ng dagdag na armas, bigyang hustisya ang mga inosenteng biktima ng pamamaslang at pang-aresto at parusahan ang mga tropa't galamay ng kaaway na naghahasik ng lagim sa mga mamamayan.

Mahigpit na hawakan at palakasin ang mapanlabang diwa ng BHB sa pakikidigma. Maging laging handa para bigwasan ang mga mahihinang bahagi ng kaaway at ipagtagumpay ang laban, samantalang iniiwasan ang mga depensibang labanan.

Pukawin at himukin ang maraming kabataan para sumapi sa BHB. Ipagtanggol ang mga masang dinadahas ng AFP at PNP at maging handa upang kupkupin ang mga indibidwal na nanganganib sa pagpaslang at pag-aresto ng mga berdugong militar at pulis. Patawan ng parusa ang mga tropa at

galamay ng kaaway na sangkot sa mga ejk, tanim-ebidensya, at iba pang malubhang paglabag sa karapatan ng mamamayan.

Patuloy na palawakin at patatagin ang mga rebolusyonaryong base at biguin ang hangarin ng kaaway na pagpapakitid ng mga eryang makikilusan ng BHB. Susi dito ang pagpapasigla ng mga kilusang antipyudal sa kanayunan para hikayatin ang malawak at matatag na suporta ng mga magsasaka sa armadong pakikibaka, gayundin para maibsan ang epekto ng lumalalang krisis sa ekonomiya at pagkasira ng kanilang kabuhayan dahil sa militarisasyon.

Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!
Mabuhay ang mamayang nakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya!

**Julio Montana**
Tagapagsalita
Coronacion "Waling-waling" Chiva Command
NPA-Panay